# Provincial bus ban sa EDSA, pinigil ng QC court

Pinatigil ng korte ang pagpapatupad sa provincial bus ban sa EDSA.

Sa kautusan ni Judge Caridad Walse-Lutero ng Quezon City Regional Trial Court Branch 223, inaprubahan nito ang writ of preliminary injunction na isinampa ng may 18 bus transport groups.

Binanggit ng korte na ang naturang ban ay makakaapekto sa kapakanan ng publiko kaya may pangangailangan na marinig ang katwiran ng mga ahensyang sangkot, ang MMDA at ang LTFRB.

Ang naturang prohibition ay nakatakdang magsimula sana sa Aug. 7. Sa inilabas ding preliminary injunction ng korte, sinuspinde din nito ang issuance ng business permit sa lahat ng public utility vehicles at operators sa EDSA. Tinanong din ng korte ang MMDA at LTFRB kung bakit ang P2P buses o point-to-point buses ay hindi kasali sa ipapatupad na ban sa EDSA gayung ang laki ng mga ito ay katulad din ng sa provincial bus.

Binanggit din ng korte sa inilabas na preliminary injunction na lubhang apektado dito ang kita ng mga bus operators at mga empleyado nito. Binigyan ng korte ang dalawang ahensiya ng hanggang Agosto 14 para sumagot at ihain ang kanilang posisyon. *(Angie Dela Cruz)*